Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 12 NG ENERO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
nasa lakad opisyal

KAPASIYAHAN BLG. 004-T´2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLIKHA NG MGA POSISYONG MECHANIC II AT MECHANICAL AIDE PARA SA TANGGAPAN NG PANGKALAHATANG PAGLILINGKOD.

SAPAGKA´T, mahigpit na pangangailangan ng Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod ang mga posisyong Mechanic II at Mechanical Aide para sa mabilis na pagkukumpuni at pagsasaayos ng mga sasakyang pangserbisyo ng pamahalaang bayan tungo sa pagtugon sa mga pangunahing paglilingkod sa pamayanan;

SAPAGKA´T, marami nang sasakyang panserbisyo ang pamahalaang bayan upang pangalagaan at imantini ang kaayusan ng mga ito para sa matagal na paggamit sa paglilingkuran;

SAPAGKA´T, malaking menos at pagtitipid sa mga pondo ng pamahalaang bayan ang pagkakaroon ng mekaniko at katulong nito.

KUNG KAYA´T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo´y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang paglikha ng mga posisyong Mechanic II at Mechanical Aide para sa Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Panlalawigang Pinuno ng Serbisyo Sibil, Pinunong Pantauhan at Pambayang Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan